Nawalan ka ba ng saklaw sa seguro sa kalusugan sa pamamagitan ng iyong trabaho at kailangang magpatala sa isang plano sa kalusugan?

- Mayroon kang hanggang 60 araw para magpatala sa plano sa kalusugan pagkatapos mong mawalan ng trabaho.
- Maaari kang magpatala bago matapos ang iyong kasalukuyang saklaw upang maiwasan ang isang agwat sa saklaw.
- Ang saklaw ay maaaring magsimula agad sa unang araw ng buwan, matapos ang pagtatapos ng iyong naunang saklaw.
- Kung nagkaroon ka ng pagbabago sa iyong kita, maaari kang maging kwalipikado para sa mga plano sa pamamagitan ng ACA Health Insurance Marketplace na maaaring mas abot kaya kaysa sa iba pang mga pagpipilian.

Puntahan GetCovered.Illinois.gov upang makakuha ng tulong sa pagpapatala

Puntahan Healthcare.gov o tawagan (800) 318-2596 ihambing ang mga plano sa seguro sa kalusugan ng Marketplace at magpatala sa pagbisita sa plano

Ang mga plano ng ACA Health Insurance Marketplace ay nag-aalok ng **tulong na salapi** (mga kredito sa buwis) upang makatulong na mabawasan ang buwanang bayad sa seguro at sariling gastos, nagbibigay ng access sa abot-kayang seguro sa kalusugan, lalo na sa walang saklaw sa pamamagitan ng kanilang employer, Medicaid, o Medicare.

Alamin kung kwalipikado ka para sa Medicaid at iba pang programang medikal

Ang Medicaid ay ang programa sa seguro sa kalusugan na pinondohan ng pederal at ng estado para sa mga indibidwal at pamilyang mabababa ang kita. Ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat sa Medicaid ay malawak base sa kita, edad, kapansanan, pagbubuntis, laki ng sambahayan at ang papel ng aplikante sa sambahayan.

Kung ikaw ay karapat-dapat para sa Medicaid, maaari kang mag-apply buong taon sa https://abe.illinois.gov/abe/access/ o HealthCare.gov, ang merkado ng pederal na seguro sa kalusugan. Kung nag-apply ka para sa Medicaid sa pamamagitan ng Healthcare.gov at ikaw ay kwalipikado, ang pederal na gobyerno ay ipagbibigay alam ito sa iyong ahensya ng estado na makikipag-ugnay sa iyo tungkol sa pagpapatala. Ang estado ay mayroong 45 araw para iproseso ang iyong aplikasyon sa Medicaid.

Karagdagang programang medikal ay kinabibilangan ng All Kids, FamilyCare, at ang programang Healthcare and Family Services (HFS) Medical Benefits na para sa mga nakatatanda at mga taong may kapansanan. **Upang matuto nang higit pa tungkol sa mga Programang Medikal ng Illinois, puntahan: https://www.illinois.gov/hfs/medicalclients o tawagan 800-843-6154.**

Ano ang dapat mong malaman tungkol sa mga Panandalian at Limitadong Tagal na Plano ng Kalusugan

Ang mga planong ito ay hindi hinihiling ng batas na sakupin lahat ng mahahalagang benepisyo o sakupin ang mga taong mayroon nang kasalukuyang kondisyon, na lahat ng plano ng ACA Marketplace ay kinakailangang gawin. Tiyaking nauunawaan mo kung ano ang kasama at hindi kasama sa iyong saklaw.

GetCoveredIllinois.gov
The Official Health Marketplace